

Kung meron mang mga pagbabago o kataliwasan sa pagitan ng mga bersyong English/Chinese at Tagalog nitong dokumento, ang English/Chinese na bersyon pa rin ang siyang mananaig.

Inilathala ng: Awtoridad sa Pananalapi ng Hong Kong

Sinusuportahan ng: Samahan ng mga Bangko ng Hong Kong

HKCERT

Polisya ng Hong Kong

JEtCO

cybersecurity.hk, Tanggapan ng Punong Opisyal ng Impormasyon ng

Pamahalaan

MGA PAYO SA PAGGAMIT NG MGA AUTOMATED TELLER MACHINE

MGA PANGUNAHING PAYO SA KALIGTASAN SA PAGGAMIT NG MGA ATM

MGA ATM CARD AT PASSWORD

Ligtas na itago ang iyong Automated Teller Machine (ATM) card. Magtakda ng isang password na mahirap hulahan at iba sa mga password na ginagamit mo para sa ibang mga serbisyo. Regular na palitan ang iyong password. Huwag itagokasama ng iyong ATM card ang iyong password.

MGA ATM

Mag-ingat sa anumang bagay na hindi pangkaraniwan sa pasukan ng card, keypad at takip ng keypad (halimbawa kung may anumang suspisyosong aparato na nakalagay). Takpan ang keypad ng iyong kamay kapag inilalagay ang iyong password at tingnan kung may sinuman na sinusubukang silipin ang iyong password.

PANGANGASIWA NG PAGLABAS NG IYONG PERA

Bilangin kaagad ang pera pagkatapos ng bawat paglabas ng pera sa ATM. Huwag kunin ang anumang pera sa cash dispenser o ang ATM card sa pasukan ng card na iniwan ng ibang tao. Hayaang awtomatikong bumalik ang pera o ang ATM card sa ATM.

ANG PAGLABAS NG PERA SA IBAYONG-DAGAT

Kung nilalayon mong maglabas ng pera mula sa mga ATM sa ibayong-dagat, tingnan sa iyong bangko kung ang nilayon mong destinasyon sa ibayong-dagat ay maaaring suportahan ang paglabas ng pera gamit ang iyong ATM card. Dapat mo ring paganahin ang paglabas ng pera ng ATM sa ibayong-dagat at magtakda ng matalinong limit sa paglabas ng pera sa ATM sa ibayong-dagat at isang yugto ng pagpapagana.

MGA MENSAHE MULA SA MGA BANGKO

Tingnan ang mga talaan ng transaksyon na ibinigay ng iyong bangko sa napapanahong paraan. Ipatid kaagad sa iyong bangko kung nawala mo ang iyong ATM card, o anumang kaso ng suspisyonong transaksyon o sitwasyon. Ang mga bangko ay hindi magtatanong ng anumang sensitibong impormasyon (kasama ang mga password) sa pamamagitan ng tawag sa telepono o email.